

Pagsusuri sa mga Dulot ng Kawalan ng Asignaturang Filipino sa Pambansang Identidad at Edukasyong Pangwika ng mga Mag-aaral sa Pampublikong Kolehiyo ng Sulu

HALBEN C. BENSON at RASHINA A. SALIH

Sulu State College Graduate Studies, Jolo, Sulu

*Corresponding author: gs@sulustatecollege.edu.ph

ABSTRAK. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong alamin ang demograpikong propayl ng mga guro-respondente mula sa mga pampublikong kolehiyo sa Sulu batay sa edad, kasarian, katayuang sibil, antas ng natamong edukasyon, at tagal ng serbisyo. Layunin din ng pag-aaral na suriin ang saklaw ng epekto ng pagkawala ng asignaturang Filipino sa paghubog ng pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral, partikular sa konteksto ng pagkilala sa identidad ng bansa, pagpapalawak ng kasanayang pangwika, pagpapalalim ng kultural na kamalayan, pagtanggap sa multilingualismo, at kahandaan sa mga pambansang pagsusulit. Inalam din ng pananaliksik kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng epekto ng kawalan ng Filipino bilang asignatura ayon sa demograpikong katangian ng mga guro, gayundin ang ugnayan ng mga sub-kategorya sa nasabing epekto. Gamit ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik, isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng pamamahagi ng talatanungan sa 100 guro mula sa iba't ibang pampublikong kolehiyo sa Sulu. Ang talatanungan ay nahati sa dalawang bahagi: una, para sa demograpikong impormasyon ng mga respondente; at ikalawa, para sa pagsusuri ng epekto ng pagkawala ng Filipino sa edukasyong pangwika at pambansang pagkakakilanlan. Para sa pagsusuri ng unang suliranin, ginamit ang frequency at percentage; para sa ikalawa, mean at standard deviation; habang t-test at One-way ANOVA ang ginamit sa ikatlong suliranin. Sa ikaapat na suliranin, isinagawa ang Pearson Product-Moment Correlation upang masukat ang ugnayan ng mga baryabol. Lumabas sa resulta na karamihan sa mga guro ay nasa edad 26–35, babae, may asawa, nakapagtapos ng masterado, at may karanasang hindi hihigit sa sampung taon sa pagtuturo. Ipinakita ng resulta na lubos silang sumasang-ayon sa malawak na epekto ng pagkawala ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika. Wala namang nakitang makabuluhang pagkakaiba batay sa demograpikong baryabol, ngunit may mataas na ugnayan sa pagitan ng mga sub-kategorya, na nagpapakitang magkakaugnay ang mga ito at hindi madaling paghiwa-hiwalayin.

KEYWORDS: *Asignaturang Filipino, Edukasyong Pangwika, Pampublikong Kolehiyo, Pagsusuri*

ARTICLE DETAILS

JEAS-00050; Received: March 27, 2025; Accepted: April 03, 2025; Published Online: May 03, 2025

CITATION:

Benson, Halben C. and Salih, Rashina A. (2025). Pagsusuri sa mga Dulot ng Kawalan ng Asignaturang Filipino sa Pambansang Identidad at Edukasyong Pangwika ng mga Mag-aaral sa Pampublikong Kolehiyo ng Sulu. *Journal of Education and Academic Settings*. DOI: 10.62596/qj5c3r12

COPYRIGHT

Copyright © 2025 by author(s). *Journal of Education and Academic Settings* is published by Stratworks Research Inc. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.

PANIMULA

Sa pandaigdigang pananaw, ang wika ay may mahalagang papel sa paghubog ng pambansang identidad at kultura. Binanggit ni Crystal (2003) na ang wika ay hindi lamang kasangkapan ng

komunikasyon kundi isang salamin ng kasaysayan at kalinangan ng isang bansa. Ito rin ay isang mahalagang batayan ng pagkakakilanlan ng isang lipunan. Ayon kay Fishman (1991), ang pagpapanatili at pangangalaga sa isang wika ay esensyal sa pagpreserba ng identidad ng isang komunidad. Ang pagkawala o paglaylay ng halaga ng isang wika ay maaaring magbunga ng pagkakahiwalay ng mamamayan sa kanilang kasaysayan at kultura.

Dahil dito, malaki ang gampanin ng edukasyong pangwika sa paghubog ng kamalayan at aktibong pakikilahok ng mga kabataan sa lipunan. Sa mga bansang tulad ng India, Canada, at South Africa, pinatutunayan ng mga programa sa lokal na wika ang kahalagahan ng pagpapasigla ng kultural na pagkakakilanlan (Pattanayak, 2003; Bialystok, 2001). Ang ganitong estratehiya ay nagpapalalim hindi lamang sa kasanayang lingguwistiko kundi maging sa pambansang diwa ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik nina Magno, Indal, Chavez, et al. (2024), binigyang-diin ang pangangailangan ng alternatibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na higit na sanay sa Ingles, isang hamon sa mga institusyong pang-edukasyon.

Sa konteksto ng Pilipinas, ang asignaturang Filipino ay itinuturing na mahalagang bahagi ng kurikulum, hindi lamang bilang asignatura kundi bilang salik sa paglinang ng pambansang kamalayan. Ayon kay Reyes (2018), ang wika ay pundasyon ng pagka-Pilipino, kaya't ang kaalaman dito ay nagpapataas ng pagpapahalaga ng kabataan sa kanilang pinagmulan. Gayunman, ipinakita ni Gonzalez (2019) na may ilang kolehiyo sa bansa na hindi na nagbibigay ng sapat na diin sa Filipino, kung saan minsan ay itinuturing pa itong opsyonal. Ang ganitong kalakaran ay nagbubukas ng isyu sa epekto nito sa pambansang identidad. Ipinahayag nina Lamorinas, Luna, Lai, et al. (2025) na isa sa mga salik ng ganitong pagbabago ay ang bumababang kagustuhan ng Gen Z na matuto ng Filipino, na maaaring magdulot ng pangmatagalang epekto sa wika at kultura ng bansa.

Inilahad ni Liao (2017) na ang kakulangan ng Filipino sa kurikulum ay nagdudulot ng paghina ng koneksyon ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at bansa. Ang kawalan ng matibay na pundasyon sa sariling wika ay maaaring maging hadlang sa pagbuo ng makabayang kamalayan at pagkakaisa ng mga Pilipino. Ayon naman kina Adalia, Chavez, Hayudini, et al. (2025), habang pinahahalagahan ng kabataan ang gramatikal na aspeto ng wika, nananatili ang hamon ng pag-uugnay nito sa makabayang kamalayan, lalo na kung walang matibay na konteksto ng paggamit ng wika sa edukasyon.

Sa partikular na konteksto ng Sulu, isang rehiyon na sagana sa kultural na pagkakaiba, nababahala ang mga eksperto sa patuloy na paglimos sa asignaturang Filipino sa ilang pampublikong kolehiyo. Ayon kay Abubakar (2020), ang kakulangan ng Filipino sa kurikulum ay nagreresulta sa mababang antas ng pagpapahalaga sa wika at kulturang Pilipino. Sa halip na itaguyod ang mga asignaturang may kultural na kabuluhan, higit na nabibigyan ng pansin ang mga teknikal at agham na asignatura, na siyang lumilikha ng agwat sa pambansang kamalayan ng mga mag-aaral. Sa ganitong kalagayan, mahalagang isaalang-alang din ang papel ng tahanan at mga magulang sa paglinang ng wika. Ayon kina Chavez, Adalia, at Alberto (2023), ang suporta ng mga magulang ay may malaking impluwensiya sa motibasyon ng mga anak sa pagkatuto ng wika, habang binigyang-diin nina Comerros, Cuilan, at Chavez (2024) ang discretionary influence ng mga magulang sa paraan ng pagkatuto ng kanilang anak.

Dagdag pa rito, sa kabila ng paggamit ng Ingles sa maraming tahanan, nananatiling mahalaga ang kontekstuwalisadong pagtuturo batay sa tunay na paggamit ng wika. Sa pananaliksik ni Chavez (2022), ipinakita ang kahalagahan ng mga naratibo ng bilingual na mga magulang bilang sanggunian sa paggawa ng kurikulum sa pagtuturo ng wika. Kaugnay nito, ipinahayag ni Velasquez (2023) na ang balbal na wika na ginagamit ng mga kabataang Gen Z ay sumasalamin

sa dinamismo ng wikang Filipino, ngunit maaari ring magpalabo sa tradisyonal na anyo ng wika kung hindi maaakma sa pormal na edukasyong pangwika.

Ang isinasagawang pananaliksik ay may layuning siyasatin ang epekto ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa mga pampublikong kolehiyo ng Sulu. Sa harap ng isyung ito, inaasahan na ang mga resulta ng pag-aaral ay magsisilbing batayan sa paggawa ng mga polisiya at hakbang para mas mapalakas ang presensya ng Filipino sa edukasyon, upang mas mapatatag ang pagkakakilanlan at pagkakaisa ng kabataang Pilipino sa buong bansa.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay nilayong masuri ang mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu.

Inilayon nitong mabigyang kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. 1. Ano ang demograpikong profayl ng mga guro-respondente sa mga sumusunod na aspeto:

- 1.1. Edad;
- 1.2. Kasarian;
- 1.3. Katayuang Sibil;
- 1.4. Antas ng Edukasyon; at
- 1.5. Taon sa Serbisyo?

2. Ano ang lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng:

- 2.1. Pagkilala sa pambansang identidad;
- 2.2. Pagsulong ng kasanayang pangwika;
- 2.3. Kultural na kamalayan;
- 2.4. Pagtanggap sa multilingualismo; at
- 2.5. Kahandaan sa pambansang pagsusulit?

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu kapag ang datos ay pinagpangkat ayon sa kanilang demograpikong profayl sa mga sumusunod na aspeto:

- 3.1. Edad;
- 3.2. Kasarian;
- 3.3. Katayuang Sibil;
- 3.4. Antas ng Edukasyon; at
- 3.5. Taon sa Serbisyo?

4. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa mga sub-kategorya na nasa ilalim ng lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa mga sumusunod na aspeto pagkilala sa pambansang identidad, pagsulong ng kasanayang pangwika, kultural na kamalayan, pagtanggap sa multilingualismo at kahandaan sa pambansang pagsusulit?

Kaugnay Na Literatura

Hamon ng Reperma sa Kurikulum sa Asignaturang Filipino. Ang pag-unlad ng asignaturang Filipino sa edukasyong Pilipino ay patuloy na humaharap sa mga hamon at pagbabago, lalo na sa konteksto ng mga reporma sa kurikulum gaya ng K to 12 at mga patakaran ng CHED. Ipinataw ng pamahalaan ang General Education Curriculum (GEC) sa pamamagitan ng CHED Memorandum Order No. 20, S. 2013, na naging dahilan ng pagkalimita sa espasyo ng wikang Filipino sa antas kolehiyo (San Ju, 2015). Sa kabila nito, ipinaglalaman ng mga makabayang sektor ang pananatili ng wikang pambansa sa edukasyon. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Castillo, Mariano, at Delos Reyes (2024) ang papel ng wikang Filipino sa pagpapanatili ng pambansang identidad sa gitna ng modernisasyon.

Pagsusuri sa Kagamitang Panturo at 21st Century Skills. Sinuri ni Zamora (2016) ang modyul ng Filipino sa K-12 at natuklasan ang kakulangan nito sa pagsuporta sa 21st century skills, sa kabila ng mga guro na naniniwalang may potensyal ang ilang bahagi nito. Lumitaw rin sa pananaliksik nina Hernando et al. (2023) na may makabuluhang ugnayan ang husay ng guro sa pagtuturo sa kagustuhan ng mag-aaral na matuto ng Filipino. Makatutulong din ang mas epektibong language delivery styles sa pagpapahusay ng koneksyon ng tagapagsalita sa mga mag-aaral, gaya ng binigyang-diin nina Garil, Entong, Muarip, et al. (2024).

Makabayang Pedagohiya sa Teacher Education. Sa larangan ng teacher education, iminungkahi ni Villanueva (2016) ang makabayang pedagohiya sa ilalim ng OBTEC upang ilapat ang apat na K: Kaakuan, Kamalayan, Kalinangan, at Kasaysayan. Ang ganitong mga panukala ay umaakma sa pananaw nina Dagoy, Ariban, Chavez, et al. (2024) na ang integridad at interes ng mga guro sa kabila ng maraming papel na ginagampanan ay mahalaga sa pagpapatuloy ng epektibong pagtuturo sa wika.

Inobasyon sa Pagtuturo ng Wikang Filipino. Sa pagtugon sa hamon ng globalisasyon, lumikha si Pacol (2023) ng interaktibong kagamitang tinawag na E-BAKADA para sa mga banyagang mag-aaral, na napatunayang epektibo sa paglinang ng kanilang kaalaman sa wikang Filipino. Samantala, ipinakita ni Regulacion (2024) na ang paggamit ng masining na pagkukuwento bilang estratehiya sa pagtuturo ay nakapagpataas ng marka ng mga estudyante, kumpara sa tradisyonal na pamaraan. Dagdag pa rito, isiniwalat nina Chavez, Anuddin, Mansul, et al. (2024) ang positibong epekto ng campus jo

Papel ng Teknolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto. Nagpapatuloy ang impluwensiya ng teknolohiya sa pagkatuto. Ipinakita nina Bacilio et al. (2019) at Abarracoso et al. (2024) ang positibong epekto ng teknolohiya sa pagtuturo, ngunit binigyang-babala rin ang mga maling impormasyon sa internet. Ayon naman kina Murro, Lobo, Inso, at Chavez (2023), isa sa mga hamon sa paggamit ng teknolohiya ay ang kakulangan sa suporta sa mga magulang na mababa ang edukasyonal na antas, na nagiging hadlang sa gabay sa pagkatuto sa mga anak sa ilalim ng modular distance learning.

Epekto ng Kultura ng Kabataan sa Wika. Binigyang-diin ni Velasquez (2023) ang ebolusyon ng wikang balbal sa kabataang Gen Z, na maaaring maging hadlang sa pormal na paggamit ng wikang Filipino. Sa pananaw nina Castillo et al. (2024), mahalagang mapanatili ang asignaturang Filipino bilang daluyan ng identidad. Samantala, ipinakita nina Chavez, Lamorinas, at Ceneciro (2023) na may epekto ang mga diskursong online gaya ng humor at stereotyping sa pananaw ng kabataan sa kanilang wika at kultura. May kaugnayan din dito ang pagsusuri nina Chavez at Cuilan (2024) sa mga diskursong gender-based online, na nagpapakita kung paanong ang mga kultural at lingguwistikong elemento ay naaapektuhan ng bagong midya. Sa ibang konteksto, tinalakay nina Garcia, Lastam, Chavez, et al. (2025) ang mga dahilan ng pagkaputol ng

edukasyon ng mga mag-aaral dahil sa maagang pag-aasawa — isang isyung maaaring makaapekto rin sa antas ng kaalaman sa wika at akademikong kasanayan.

Mga Estratehiya ng Guro sa Makabagong Panahon. Sa pananaliksik nina Acebes et al. (2024), inilahad ang mga epektibong estratehiya sa pagtuturo at rekomendasyong dapat paunlarin upang makasabay sa modernong panahon. Isa sa mga rekomendasyon ay ang paggamit ng mga diskursibong pamamaraan at kontekstuwal na pagtuturo upang maging mas makabuluhan ang pagkatuto ng wika.

Ang mga literatura ay nagpapakita ng malalim na ugnayan ng kurikulum, teknolohiya, pedagogiya, at kultura sa kasalukuyang estado at hinaharap ng asignaturang Filipino. Mahalagang patuloy ang pag-aaral upang mapanatili ang kahalagahan at bisa ng wikang Filipino sa sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas, lalo na sa harap ng makabagong hamon sa lipunan at kabataan.

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay nagpakita ng disenyo ng pag-aaral, lugar ng pananaliksik, respondante ng pag-aaral, teknik sa pagpili ng mga respondante, instrumento ng pananaliksik, hakbang sa pagkalap ng mga datos, prosedyur ng pagmamarka, at estatistikong paglalapat ng mga datos.

1. Disenyo ng Pag - aaral

Ang isinagawang pag-aaral ay gumamit ng deskriptibong metodolohiya ng pananaliksik. Ito ay ginamit sa pagtukoy ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu.

2. Lugar ng Pananaliksik

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa mga pampublikong kolehiyo sa Sulu, sa Akadamikong Taong 2024-2025.

May apat na pampublikong kolehiyo sa probinsiya ng Sulu, ito ay ang; Mindanao State University – Sulu, Sulu State College, at Hadji Butu School of Arts and Trades na nasa Minisipyo ng Jolo, at ang Lapak Agricultural College naman na matatagpuan sa Munisipyo ng Siasi.

Ang mga kolehiyong nabanggit ay ang mga pangunahing institusyon ng mas mataas na edukasyon sa lalawigan ng Sulu. Sila ay nagsisilbing mahalagang sentro ng edukasyon at pananaliksik sa dating rehiyon ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM).

3. Respondante ng Pag – aaral

Ang mga respondante ng pag-aaral na ito ay mga guro sa mga pampublikong kolehiyo sa Sulu. Ang mga respondante ay binubuo ng isang daang (100) guro sa pampublikong kolehiyo sa Sulu, dalawampung limang (25) guro ay mula sa Mindanao State Univeristy-Sulu, dalawampung lima (25) sa Sulu State College, dalawampung lima (25) sa Hadji Butu School of Arts and Trades, at dalwampung lima (25) naman sa Lapak Agricultral College. Ang taybol na ito ay nagpapakita ng distribusyon ng mga respondante.

Teybol 1. Distribusyon ng mga Respondante

Pampublikong Kolehiyo sa Sulu	Bilang ng Respondante
Mindanao State Univeristy – Sulu	25

Sulu State College	25
Hadji Butu School of Arts and Trades	25
Lapak Agricultural College	25
Kabuuan:	100

4. *Instrumento ng Pananaliksik*

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pamumudmod ng sarbey. Ang sarbey ay nagmula sa saliksikin ng National Artist na si Dr. Bienvenido Lumbera (1990s).

Personal na ipinamigay at pinasagutan ng mananaliksik ang kuwestyoneyr sa mga napiling respondante. Ang talatanungan ay binubuo ng dalawang (2) parte; ang unang parte ay tumutukoy sa demograpikong profyl ng mga respondante ayon sa kanilang; edad, kasarian, katayuang sibil, antas ng edukasyon, at taon sa serbisyo; ang pangalawang parte naman ay tumutukoy sa pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu, sa konteksto ng pagkilala sa pambansang identidad, pagsulong ng kasanayang pangwika, kultural na kamalayan, pagtanggap sa multilingualismo at kahandaan sa pambansang pagsusulit.

5. *Hakbang ng Pagkalap ng mga Datos*

Ang permiso sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito ay hiniling ng mananaliksik sa dekana ng Sulu State College Graduate Studies. Pagkatapos na maaprubahan ang request o kahilingan, isinagawa na ng mananaliksik ang pag-aaral sa nasabing lokasyon na kung saan ang mga guro mula sa Mindanao State University – Sulu, Sulu State College, at Hadji Butu School of Arts and Trades, at ang Lapak Agricultural College sa Akademikong Taon 2024-2025 ay hiniling ng mananaliksik na sasagot sa sarbey kuwestyoneyr matapos silang mapili bilang respondante ng pag-aaral.

6. *Estatistikong Paglalapat ng mga Datos*

Para sa suliraning bilang 1, frequency at percentage ang ginamit upang malaman ang demograpikong profayl ng mga respondante ayon sa edad, kasarian, katayuang sibil, at antas na edukasyon.

Para sa suliraning bilang 2, ang mean at standard deviation ang ginamit sa pagkuha ng lawak ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu, sa konteksto ng pagkilala sa pambansang identidad, pagsulong ng kasanayang pangwika, kultural na kamalayan, pagtanggap sa multilingualismo at kahandaan sa pambansang pagsusulit.

Para sa suliraning bilang 3, t-test and One-way Analysis of Variance (ANOVA). T-test para sa independent variable ang ginamit upang matukoy ang lawak ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu kung ang datos ay tumutukoy as kasarian; at One-way Analysis of Variance (ANOVA) ang ginamit upang matukoy ang mahalagang pagkakaiba ayon sa edad, katayuang sibil, at antas ng edukasyon.

Para sa suliraning bilang 4, Pearson Product-Moment Correlation. Pearson product-moment correlation ang ginamit upang matukoy ang mahalagang kaugnayan sa mga sub-kategoryang saklaw ng lawak ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang

identidad at edukasyong pangwika ng mga mag-aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu, sa konteksto ng pagkilala sa pambansang identidad, pagsulong ng kasanayang pangwika, kultural na kamalayan, pagtanggap sa multilingualismo at kahandaan sa pambansang pagsusulit.

Ang mga kasagutan ay itinala gamit ang sumusunod na gabay sa pagmamarka.

Teybol 2.

Gabay sa Pagmarka

Scale	Mean Range	Responses
5	4.50-5.00	Lubos na Sumasang-ayon
4	3.50-4.49	Sumasang-ayon
3	2.50-3.49	Medyo Sumasang-ayon
2	1.50-2.49	Hindi Sumasang-ayon
1	1.00-1.49	Lubos na Hindi Sumasang-ayon

Resulta

Makikita sa kabanatang ito ang resulta at diskusyon ng pananaliksik tungkol sa pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag – aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu.

1. Ano ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa mga sumusunod na aspeto: 1.1 Edad; 1.2 Kasarian; 1.3 Katayuang Sibil; 1.4 Antas ng Edukasyon; at 1.5 Taon sa serbisyo?

Ipinapakita ng talaan 1.1 hanggang 1.5ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa kanilang edad, kasarian, katayuang sibil, antas ng edukasyon, at taon sa serbisyo.

1.1 Ayon sa Edad

Ipinapakita sa talaan 1.1 ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa edad.

Makikita sa talaan na 37 o 37% ng mga respondante ay nasa pagitan ng 26 – 35taong gulang ang edad at 28 o 28% lamang ang nasa 25 taong gulang pababa.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na karamihan sa respondante ay nasa pagitan ng pagitan ng 20s at 30s ang edad.

Talaan 1.1 Demograpikong Propayl ng mga Respondante ayon sa Edad.

Edad	Frequency	Porsyento
25 taong gulang pababa	28	28%
26 – 35 taong gulang	37	37%
36 taong gulang pataas	35	35%
Kabuuan	100	100%

1.2 Ayon sa Kasarian

Ipinapakita sa talaan 1.2 ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa kasarian.

Makikita sa talaan na 60 o 60% ng mga respondante ay babae at 40 o 40% lamang ang mga lalaki.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na mas marami ang babaeng respondante kesa sa mga lalaki.

Talaan 1.2 Demograpikong Propayl ng mga Respondante ayon sa Kasarian
n = 100.

Kasarian	Frequency	Porsyento
Lalaki	40	40%
Babae	60	60%
Kabuuan	100	100%

1.3 Ayon sa Katayuang Sibil

Ipinapakita sa talaan 1.3 ang demograpikong propayl ng mga respondante ayonsa katayuang sibil.

Makikita sa talaan na 60 o 60% ng mga respondante ay may mga asawa na at 12 o 12% lamang ang hiwalay sa asawa.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na mas marami sa mga respondante ay may sarili nang pamilya at konti lamang ang hiwalay na sa asawa.

Talaan 1.3 Demograpikong Propayl ng mga Respondante ayon sa Katayuang Sibil.

Katayuang Sibil	Frequency	Porsyento
Walang Asawa	28	28 %
May Asawa	60	60%
Hiwalay	12	12%
Kabuuan	100	100%

1.4 Ayon sa Antas ng Edukasyon

Ipinapakita sa talaan 1.4 ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa antas ng edukasyon.

Makikita sa talaan na 38 o 38% ng mga respondante ay may yunit sa M.A. at 7 o 7% lamang ang nagtapos ng Doctorate.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga respondante ay may mataas na pinag – aralan.

Talaan 1.4 Demograpikong Propayl ng mga Respondante ayon sa Antas ng Edukasyon.

Antas ng Edukasyon	Frequency	Porsyento
Nagtapos ng kolehiyo	15	15%
May yunits sa M.A.	38	38%
Nagtapos ng M.A.	26	26%
May yunit sa Doctorate	14	14%
Nagtapos ng Doctorate	7	7%
Kabuuan	100	100%

1.5 Ayon sa Taon ng Serbisyo

Ipinapakita sa talaan 1.5 ang demograpikong propayl ng mga respondante ayon sa taon ng serbisyo.

Makikita sa talaan na 49 o 49% ng mga respondante ay nasa 6 – 10 taon na sa serbisyo at 9% lamang ang 16 taon pataas sa serbisyo.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na halos kalahati sa mga respondante ay may Medyo may katagalan na ng konti sa serbisyo.

Talaan 1.5 Demograpikong Propayl ng mga Respondante ayon sa Taon sa Serbisyo.

Taon sa Serbisyo	Frequency	Porsyento
------------------	-----------	-----------

5 taon pababa	29	29%
6 – 10 taon	49	49%
11 – 15 taon	13	13%
16 taon pataas	9	9%
Kabuuan	100	100%

2. Ano ang lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag – aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng: 2.1 pagkilala sa pambansang identidad; 2.2 pagsulong ng kasanayang pangwika; 2.3 kultural na kamalayan; 2.4 pagtanggap sa multilingualismo; at 2.5 kahandaan sa pambansang pagsusulit?

Ipinapakita ng talaan 2.1 hanggang 2.5 ang lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga – aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng pagkilala sa pambansang identidad, pagsulong ng kasanayang pangwika, kultural na kamalayan, pagtanggap sa multilingualismo, at kahandaan sa pambansang pagsusulit.

2.1 Ayon sa Pagkilala sa Pambansang Identidad (National Identity)

Ipinapakita ng talaan 2.1 ang lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag – aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng pagkilala sa pambansang identidad.

Makikita sa talaan na nagpahiwatig ang mga respondante ng lubos na sumasang ayon sa lahat ng pahayag at ilan ditto ay; aktibo kong isinasama ang mga talakayan tungkol sa pambansang identidad sa aking mga aralin (mean = 5.000, SD = .000); naniniwala ako na ang pagkilala sa pambansang identidad ay mahalaga para sa pag-unlad ng mga estudyante (mean = 4.810, SD = .394); at naniniwala ako na ang pagkilala sa pambansang identidad ay positibong nakakaapekto sa pakiramdam ng pag-aari ng mga estudyante (mean = 4.800, SD = .426). Ang pangkalahatan na 4.734 ay nagpapahiwatig na ang mga respondante ay lubos na sumasang – ayon sa lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag – aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng pagkilala sa pambansang identidad.

Ang resulta ay nagpapahayag na ang mga respondante ay nakikita ang kahalagahan ng papel pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag – aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng pagkilala sa pambansang identidad.

Ayon sa pananaliksik, ang asignaturang Filipino ay napakaimportante dahil ito ay pagpapataas ng pambansang identidad, pinapaunlad ang pagkakaisa, at nagpapalakas sa komunikasyon, sa loob at labas ng bansa at sa mga Pilipinong nasa malayo, habang pinipreserba ang kulutra, pamana, at pagkakaintindihan (Tagupa, 2018).

Talaan 2.1 Lawak ng Papel ng Pagsusuri sa mga Dulot ng Kawalan ng Asignaturang Filipino sa Pambansang Identidad at Edukasyong Pangwika ng mga Mag – aaral sa Pampublikong Kolehiyo ng Sulu sa Konteksto ng Pagkilala sa Pambansang Identidad (National Identity).

Pahayag	Mean	SD	Interpretasyon
1. Aktibo kong isinasama ang mga talakayan tungkol sa pambansang identidad sa aking mga aralin.	5.000	.000	Lubos na Sumasang - ayon

2. Ipinapakita ng aking mga estudyante ang matibay na pag-unawa sa ating	4.710	.458	Lubos na Sumasang -ayon pambansang identidad.
3. Naniniwala ako na ang pagkilala sa pambansang identidad ay mahalaga para sa pag-unlad ng mga estudyante.	4.810	.394	Lubos na Sumasang – ayon
4. Hinihikayat ko ang mga estudyante na ipahayag ang kanilang opinion kung ano ang ibig sabihin ng pambansang identidad sa kanila.	4.720	.451	Lubos na Sumasang - ayon
5. Ang pamana ng kultura ay isang mahalagang aspeto ng aking pagtuturo tungkol sa pambansang identidad.	4.520	.502	Lubos na Sumasang - ayon
6. Gumagamit ako ng mga pambansang simbolo at kaganapan upang mapaunlad ang pakiramdam ng identidad sa aking mga estudyante.	4.600	.493	Lubos na Sumasang - ayon
7. Binibigyang-diin ng aking kurikulum ang kahalagahan ng pambansang identidad sa paghubog ng mga pagpapahalaga sa lipunan.	4.690	.465	Lubos na Sumasang - ayon
8. Sinusuri ko ang pag-unawa ng mga estudyante sa pambansang identidad sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad.	4.690	.465	Lubos na Sumasang - ayon
9. Nakikipagtulungan ako sa mga kasamahan upang mapabuti ang aming diskarte sa pagtuturo ng pambansang identidad.	4.800	.402	Lubos na Sumasang - ayon
10. Naniniwala ako na ang pagkilala sa pambansang identidad ay positibong nakakaapekto sa pakiramdam ng pag-aari ng mga estudyante.	4.800	.426	Lubos na Sumasang - ayon
Pangkalahatan	4.734		LUBOS NA SUMASANG - AYON

LEYENDA: 5 (4.50 – 5.00) = lubos na sumasang – ayon, 4 (3.50 – 4.49) = sumasang – ayon, 3 (2.50 – 3.49) = katamtamang sumasang – ayon, 2 (1.50 – 2.49) = hindi sumasang – ayon, 1 (1.00 – 1.49) = lubos na hindi sumasang – ayon

2.2 Ayon sa Pagsulong ng Kasanayang Pangwika (Language Expertise)

Ipinapakita ng talaan 2.2 ang lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag – aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng pagsulong ng kasanayang pangwika.

Makikita sa talaan na ang mga respondante ay lubos na sumasang – ayon sa lahat ng pahayag tungkol sa lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag – aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng pagsulong ng kasanayang pangwika. Ilan sa mga pahayag na ito ay;

gumagamit ako ng iba't ibang aktibidad upang mapabuti ang kakayahan ng mga estudyante sa wika (mean = 4.890, SD = .314); nagbibigay ako ng nakabubuong feedback upang matulungan ang mga estudyante na mapabuti ang kanilang kasanayang pangwika (mean = 4.890, SD = .314); at naniniwala ako na ang malakas na kasanayang pangwika ay mahalaga para sa tagumpay sa akademya (mean = 4.890, SD = .314). Ang pangkalahatan na 4.831 ay nangangahulugan na ang mga resondante ay lubos na sumasang – ayon lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag – aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng pagsulong ng kasanayang pangwika.

Ang kasanayang pangwika ay may malawak na saklaw ng mga positibong epekto, kasama na diyan ang enhanced komunikasyon, improved na akademiko at mapabuti ang karera, pinataas na abilidad ng kamalayan, at mas malalim na pagkakaintindi sa iba't – ibang kultura (Paik, 2022).

Talaan 2.2 Lawak ng Papel ng Pagsusuri sa mga Dulot ng Kawalan ng Asignaturang Filipino sa Pambansang Identidad at Edukasyong Pangwika ng mga Mag – aaral sa Pampublikong Kolehiyo ng Sulu sa Konteksto ng Pagsulong sa Kasanayang Pangwika (Language Expertise).

Pahayag	Mean	SD	Interpretasyon
1. Isinasama ko ang kultural na kamalayan sa aking mga plano sa aralin.	4.890	.314	Lubos na Sumasang - ayon
2. Ipinapakita ng aking mga estudyante ang pang – unawa sa iba't – ibang kultura.	4.780	.416	Lubos na Sumasang - ayon
3. Isinasama ko ang kultural na kamalayan sa aking mga plano sa aralin.	4.890	.314	Lubos na Sumasang - ayon
4. Ipinapakita ng aking mga estudyante ang pag-unawa sa iba't ibang kultura.	4.890	.314	Lubos na Sumasang – ayon
5. Hinihikayat ko ang mga talakayan tungkol sa kultural na pagkakaiba-iba sa silid-aralan.	4.890	.314	Lubos na Sumasang - ayon
6. Naniniwala ako na ang kultural na kamalayan ay mahalaga para sa pagpapalakas ng respeto sa mga estudyante.	4.890	.314	Lubos na Sumasang - ayon
7. Ipinapakilala ko ang mga kultural na tradisyon at gawi sa aking mga estudyante.	4.880	.327	Lubos na Sumasang - ayon
8. Sinusuri ko ang pag-unawa ng mga estudyante sa mga konsepto ng kultura sa pamamagitan ng mga aktibidad.	4.660	.670	Lubos na Sumasang - ayon
9. Gumagamit ako ng mga mapagkukunang multicultural upang pagyamanin ang aking pagtuturo.	4.770	.423	Lubos na Sumasang - ayon
10. Nakikipagtulungan ako sa mga magulang at komunidad upang mapalawak ang kultural na kamalayan.	4.770	.423	Lubos na Sumaasang – ayon

Pangkalahatan

4.831 LUBOS NA SUMASANG – AYON

LEYENDA: 5 (4.50 – 5.00) = lubos na sumasang – ayon, 4 (3.50 – 4.49) = sumasang – ayon, 3 (2.50 – 3.49) = katamtamang sumasang – ayon, 2 (1.50 – 2.49) = hindi sumasang – ayon, 1 (1.00 – 1.49) = lubos na hindi sumasang – ayon

2.3 Ayon sa Kultural na Kamalayan (Cultural Awareness)

Ipinapakita ng talaan 2.3 ang lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag –aaraal sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng Kultural na Kamalayan.

Makikita sa talaan na ang mga respondante ay nagpahayag ng lubos na sumasang –ayon sa lahat ng mga pahayag tungkol sa kultural na kamalayan. Ilan sa mga pahayag na ito ay: isinasama ko ang kultural na kamalayan sa aking mga plano sa aralin (mean 4.890, SD = .314); hinihikayat ko ang mga talakayan tungkol sa kultural na pagkakaiba sa silid – Aralan (mean = 4.890, SD = .314); at naniniwala ako na ang kultural na kamalayan ay mahalaga para sa pagpapalakas ng respeto sa mga estudyante (mean = 4.890, SD = .314). Ang pangkalahatan na 4.831 ay nangangahulugan na ang mga respondante ay lubos na sumasang – ayon sa mga pahayag tungkol sa kultural na kamalayan.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang kultural na kamalayan ay lubhang mahalaga para sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag – aaraal sa pampublikong kolehiyo sa Sulu.

Ang kultural na kamalayan ay isang pang – unawa at pagpapahalaga ng ibang kultura, na napakaimportante para mapaunlad lahat ng kapaligiran, mapagbuti ang komunikasyon, at maiangat ang global na pagkakaintindihan at respeto, upang matamo ang isang mapayapa at matagumpay na pagkakaisa (Lan Ah Loi, 2022).

Talaan 2.3 Lawak ng Papel ng Pagsusuri sa mga Dulot ng Kawalan ng Asignaturang Filipino sa Pambansang Identidad at Edukasyong Pangwika ng mga Mag – aaraal sa Pampublikong Kolehiyo ng Sulu sa Konteksto ng Kultural na Kamalayan (Cultural Awareness).

Pahayag	Mean	SD	Interpretasyon
1. Aktibo kong isinasama ang mga talakayan tungkol sa pambansang identidad sa aking mga aralin.	5.000	.000	Lubos na Sumasang - ayon
2. Ipinapakita ng aking mga estudyante ang matibay na pag-unawa sa ating pambansang identidad.	4.710	.458	Lubos na Sumasang - ayon
3. Naniniwala ako na ang pagkilala sa pambansang identidad ay mahalaga para sa pag-unlad ng mga estudyante.	4.810	.394	Lubos na Sumasang – ayon
4. Hinihikayat ko ang mga estudyante na ipahayag ang kanilang opinion kung ano ang ibig sabihin ng pambansang identidad sa kanila.	4.720	.451	Lubos na Sumasang - ayon
5. Ang pamana ng kultura ay isang mahalagang aspeto ng aking pagtuturo	4.520	.502	Lubos na Sumasang - ayon

tungkol sa pambansang identidad.

6. Gumagamit ako ng mga pambansang simbolo at kaganapan upang mapaunlad ang pakiramdam ng identidad sa aking mga estudyante.	4.600	.493	Lubos na Sumasang - ayon
7. Binibigyang-diin ng aking kurikulum ang kahalagahan ng pambansang identidad sa paghubog ng mga pagpapahalaga sa lipunan.	4.690	.465	Lubos na Sumasang - ayon
8. Sinusuri ko ang pag-unawa ng mga estudyante sa pambansang identidad sa pamamagitan ng iba't ibang aktibidad.	4.690	.465	Lubos na Sumasang - ayon
9. Nakikipagtulungan ako sa mga kasamahan upang mapabuti ang aming diskarte sa pagtuturo ng pambansang identidad.	4.800	.402	Lubos na Sumasang - ayon
10. Naniniwala ako na ang pagkilala sa pambansang identidad ay positibong nakakaapekto sa pakiramdam ng pag-aari ng mga estudyante.	4.800	.426	Lubos na Sumasang - ayon

Pangkalahatan 4.734 LUBOS NA SUMASANG - AYON

LEYENDA: 5 (4.50 – 5.00) = lubos na sumasang – ayon, 4 (3.50 – 4.49) = sumasang – ayon, 3 (2.50 – 3.49) katamtamang sumasang – ayon, 2 (1.50 – 2.49) = hindi sumasang – ayon, 1 (1.00 – 1.49) = lubos na hindi sumasang – ayon

2.4 Ayon sa Pagtanggap sa Multilingualismo

Ipinapakita ng talaan 2.4 ang lawak ng papel ng pagsusuri sa mga dulot ng kawalan ng asignaturang Filipino sa pambansang identidad at edukasyong pangwika ng mga mag – aaral sa pampublikong kolehiyo ng Sulu sa konteksto ng pagtanggap sa multilingualismo.

